Hackensack Meridian *Health*
Pascack Valley Medical Center

Patakaran sa Pinansyal na Tulong at Patakaran sa Pinansyal na Tulong (Pangkawanggawa na Pangangalaga/Bata Pag-aalaga/Medicaid) – Buod sa Mauunawaang Salita

Ang Patakaran sa Pinansyal na Tulong ng HackensackUMC at Pascack Valley at Patakaran sa Pinansyal na Tulong (Pangkawanggawa na Pangangalaga/ Pangangalaga sa Bata/Medicaid) (mula rito, sama-sama, "FAP") ay umiiral upang maglaan sa mga karapat-dapat na pasyente ng pang-emergency na pangangalagang pangkalusugan at iba pang kinakailangang medikal na serbisyo na may buo o bahaging diskwento na inilalaan ng HackensackUMC at Pascack Valley. Ang mga pasyenteng naghahanap ng tulong na pinansyal ay kailangang mag-apply sa programa, na ang buod ay nakapaloob rito.

Mga Karapat-dapat na Serbisyo - Pang-emerhensiya o iba pang kinakailangang medikal na mga serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan na binibigay ng HackensackUMC at Pascack Valley at nireresibuhan ng HackensackUMC at Pascack Valley. Ang mabibigyan lamang ng FAP ay ang mga serbisyo na niresibuhan ng HackensackUMC at Pascack Valley. Ang iba pang mga serbisyo na hiwalay na niresibuhan ng ibang mga tagapaglaan, tulad ng mga doktor o mga laboratoryo, ay hindi karapat-dapat sa ilalim ng FAP.

Mga Karapat-dapat na Pasyente - Ang mga pasyenteng tumatanggap ng mga karapat-dapat na serbisyo, na nagsumite ng kumpletong Aplikasyon para sa Pinansyal na Tulong (kasama ang kaugnay na dokumentasyon/impormasyon), at natukoy na karapat-dapat sa Pinansyal na Tulong ng HackensackUMC at Pascack Valley.

Paano ako mag-aaply? – Ang FAP at ang kaugnay na Form ng Aplikasyon ay makukuha/makukumpleto/maisusumite tulad ng sumusunod:

Tingnan ang impormasyon sa Medical Center na Website: Maaaring tingnan ng isang indibidwal ang impormasyon tungkol sa pinansyal na tulong online sa sumusunod na website: http://www.hackensackumcpv.com/

Aplikasyon - Ang isang indibidwal ay maaaring mag-apply para sa pinansyal na tulong sa pamamagitan ng sulat sa papel na kopya ng aplikasyon. Ang papel para sa aplikasyon ay makukuha nang libre sa pamamagitan ng alinman sa mga sumusunod na paraan:

Sa Koreo: Sa pamamagitan ng pagsulat sa sumusunod na adress at paghiling ng papel na kopya ng aplikasyon para sa pinansyal na tulong:

250 Old Hook Rd.
Westwood, NJ 07675

Personal: Sa pamamagitan ng pagpunta nang personal sa Kagawaran para sa Pinansyal na Tulong (Financial Assistance Department)
(Lunes hanggang Biyernes, 10:00 NU-6:00 NG), na nasa sumusunod na adress:

250 Old Hook Rd.
Westwood, NJ 07675

Pagtawag sa Telepono: Ang Kagawaran para sa Pinansyal na Tulong ay matatawagan sa (201)-383-1043.

Hackensack Meridian *Health*
Pascack Valley Medical Center

Mga Wikang Ginagamit – Ang Patakaran para sa Pinansyal na Tulong, aplikasyon, at buod sa mauunawaang salita ay nasa pangunahing wika ng anumang populasyon na may limitadong kaalaman sa Ingles ("LEP-Limited proficiency in English") na binubuo ng mas mababa sa limang (5%) porsyento o 1,000 indibidwal sa sakop ng lugar ng pangunahing serbisyo na pinaglilingkuran ng Medical Center.

Ang mga kumpletong aplikasyon ay maaaring ipadala sa Kagawaran para sa Pinansyal na Tulong sa 250 Old Hook Rd. Westwood, NJ 07675.

Pagtukoy kung Karapat-dapat sa Pinansyal na Tulong – Sa pangkalahatan, ang mga Karapat-dapat na Tao ay karapat-dapat sa Pinansyal na Tulong, gamit ang pababang iskala, kapag ang kanilang Kita ng Pamilya ay nasa o mas mababa sa 500% ng Mga Pederal na Alintuntunin sa Kahirapan ng Pederal na Pamahalaan (FPG-Federal Poverty Guidelines) Pagiging Karapat-dapat sa Pinansyal na Tulong ay nangangahulugan na ang pangangalaga sa mga Karapat-dapat na Tao ay masasakop nang buo o bahagi lamang, at hindi sila reresibuhan nang higit sa "Mga Pangkalahatang Halagang Nireresibuhan" (AGB-Amounts Generally Billed) sa mga taong may seguro (AGB, tulad ng tinutukoy sa IRC Seksyon 501® ng Internal Revenue Service). Ang mga antas ng Pinansyal na Tulong, na nakabase lamang sa Kinikita ng Pamilya at sa FPG, ay tinutukoy kung ang kita ay aabot hanggang 500% ng FPG.

Tandaan – Ang ibang kriterya sa labas ng FPG ay isinasaalang-alang din (halimbawa, ang pagkakaroon ng cash o iba pang ari-arian na maaaring gawing cash, at kalabisan sa buwanang neto ng kinita kaugnay ng buwanang gastusin sa tahanan), na maaaring magresulta sa mga eksepsyon sa mga nauna. Kung walang iniulat na Kita ng Pamilya, hihingin ang impormasyon kung paano tinutugunan ang araw-araw na mga pangangailangan. Ang Kagawaran para sa Pinansyal na Tulong sa HackensackUMC at Pascack Valley ay sinusuri ang mga isinumiteng kumpletong aplikasyon, at nagtutukoy kung Karapat-dapat sa Pinansyal na Tulong ayon sa Patakaran sa Pinansyal na Tulong ng HackensackUMC. Hindi isasaalang-alang ang mga aplikasyon na hindi kumpleto, ngunit pasasabihan ang mga aplikante at bibigyan ng pagkakataon na magbigay ng nawawalang dokumentasyon/impormasyon.
Para sa tulong, ayuda, o mga tanong, mangyaring bisitahin o tawagan nang personal ang Kagawaran para sa Pinansyal na Tulong (Lunes hanggang Biyernes, 10:00 NU-6:00 NG), na nasa: 250 Old Hook Rd., Westwood, NJ 07675, o tumawag sa (201)-383-1043.